THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Pamamahagi ng Livelihood Assistance Grant (LAG) ng DSWD MIMAROPA, Isinagawa

VOLUME 2 No. 05 Dec. 12, 2022 - Dec. 18 , 2022

# BIDA rollout, dinaluhan ng mga opisyal ng Kapulisan






SA NGALAN NI Governor Bonz Dolor, mainit na tinanggap ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher A. Dolor sa Kapitolyo ang mga konsernadong opisyal ng kapulisan mula sa Police Regiona l Office (PRO)-MIMAROPA at Oriental Mindoro Provincial Police Office (ORMINPPO) at mga person who used drugs (PWUDs) kasabay nang matagumpay na paglulunsad ng Buhay ay Ingatan Droga'y Ayawan (BIDA) sa lalawigan noong Disyembre 12.

Ang BIDA ay isang Drug Advocacy Program ng Department of the Interior and Local Government (DILG) na naglalayong bawasan ang demand at paglaganap ng droga sa pamamagitan ng maigting na pagpapaunawa sa masamang epekto nito sa tulong ng edukasyon at multi-sectoral na pakikipag-ugnayan, gayundin, ang mahalagang partisipasyon ng komunidad.

Matatandaang lubos na sinusuportahan ng Philippine National Police (PNP) ang BIDA program ng DILG bilang bahagi ng kanilang bisyong isang Pilipinas na walang droga kung saan ang kapulisan sa buong bansa ay aktibong nagsasagawa ng holistic na pamamaraan sa pagbabawas ng pangangailangan sa droga, na may pagtuon sa edukasyon, pakikipag-ugnayan sa komunidad at rehabilitasyon.

Sa kanyang mensahe binigyang diin ni PA MD Dolor na aniya'y marapat na ang buhay ay ingatan. Walang rin aniyang maidudulot na kabutihan sa katawan ng tao ang paggamit ng ilegal na droga. Sinabi rin niyang marapat lamang na pahalagahan at gawing kapaki-pakinabang aniya pa, ang buhay na minsan lamang sa'tin ibinibigay. Kasunod nito, sa ngalan ni Gov Bonz, ang pagpapahayag ng solidong suporta ng Pamahalaang Panlalawigan sa programa para sa PWUDs ang ipinahayag ni PA Dolor.

Tampok sa paglulunsad na ito ang paglagda ng mga kinatawan ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaaan sa isang Pledge of Commitment.

Samantala, namahagi naman ng Pangkabuhayan Showcase ang Technical Education and Skills Authority (TESDA) sa mga konsernadong PWUDs na benepisyaryo nito (PIO Oriental Mdo).

# TAMAng Aklat para sa Parang National High School








MAHIGIT 600 na aklat ang inihandog ng Pamahalaang Lungsod sa Parang National High School nitong ika-9 ng Disyembre.

Pinangunahan ni City Mayor Marilou Flores - Morillo at ni Ms. Claire Benter na siyang namamahala sa City Public Library ang Tamang Aklat para sa Lahat Programram.

Layunin ng programa na magbigay ng mga libro sa iba't ibang paaralan sa lungsod na magiging instrumento naman sa epektibong pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Gayundin, hangad ng Pamahalaang Lungsod na makatulong sa mga paaralan na makapagbigay ng de kalidad na edukasyon.

Makakatanggap din ang iba pang mga paaralang elementarya at sekondary ng mga aklat sa susunod pang mga araw (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




**TINGNAN:** Ipinagkaloob ni Governor Humerlito Bonz A. Dolor ang P 150,000 kabuuang cash prize ng over-all rankings na nanalo sa ginanap na 17th Season Calapan City Athletic Association (CCAA) sa Tamaraw Hall sa Kapitolyo nitong Disyembre 12.

Ang pagkakaloob ng naturang premyo ay bilang pagtupad ni Governor Bonz sa kaniyang ipinangako sa pagbubukas ng CCCA sa Sentrong Pangkabataan kamakailan at bilang suporta ng kanyang pamunuan sa mga sports competition sa lalawigan para sa mga kabataan.

Tumanggap ang Divine Word College of Calapan ng P 50,000 bilang Overall Champion na sinundan ng Mindoro State University – Calapan City Campus, First Runner-up, at City College of Calapan, Second Runner-up na tumanggap ng P30,000 at P20,000 ayon sa pagkakasunud sunod.

Samantala, tumanggap naman ang Luna Goco Colleges, Inc., Southwestern College of Maritime, Business and Technology, Mindoro Merchant Maritime School, Inc., St. Mark Arts and Training Institute, Inc. at AMA/ACLC ng tig P10,000 bilang consolation prizes.


Ang gawain ay pinangasiwaan ng Governor's Office – Special Concerns Division (GO-SCD) sa pamumuno ni GO-SCD Chief Junielo Alcuran.










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# Pamamahagi ng Livelihood Assistance Grant (LAG) ng DSWD MIMAROPA, Isinagawa







PINANGUNAHAN ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor at kaniyang maybahay Hiyas Govinda Dolor, katuwang sina Vice Governor Ejay Falcon at Department of Social Welfare and Development (DSWD) Sustainable Livelihood Program (SLP) Provincial Coordinator Florefe Y. Dimaala, ang pamamahagi ng Livelihood Assistance Grant (LAG) ng DSWD MIMAROPA noong Disyembre 15 sa Capitol in the South sa bayan ng Roxas.

Umabot sa 600 ang naging benepisyaryo ng naturang programa mula sa mga bayan sa Segunda Distrito.

"Nawa'y magamit ninyo ng maayos ang grant na kaloob sa inyo at mapaunlad pa lalo ang inyong kabuhayan," ang tagubilin ng Gobernador. Aniya pa,"kung may disiplina ang tao pag dating sa pera, uunlad ang buhay, ipakita ninyo na kaya ninyong palaguin ang inyong kabuhayan para maging ehemplo sa mga susunod na beneficiaries ng programa," dagdag pa ni Governor Bonz.

Pasasalamat naman ang ipinaabot ni Governor Bonz sa DSWD MIMAROPA, Office of the President at Senator Bong Go sa pagkakaloob ng naturang livelihood assistance sa mga Mindoreño.

Nakiisa rin sa gawain sina Board Member Jom Dimapilis, Board Member Roland Ruga, Judy Ann Servando, dating PCL Interim President Niño Liwanag, at Bulalacao Vice Mayor Monching Magbanua. (CIO Calapan)

# CPAFEP Formulation and Workshop sa Tamaraw Hall

SA ISINASAGAWANG Capability Building and Institutional Strenghtening: CPAFEP Formulation and Workshop sa Tamaraw Hall noong Dec. 13, sa ngalan ni Governor Bonz Dolor, binigyang diin ni Provincial Administrator Dr.Hubbert Christopher Dolor ang aniya'y kahalagahan ng collaboration efforts para sa pag-usad ng Oriental Mindoro Agriculture and Fisheries Extension Center (ORMINAFEC) at pagbuo ng Collaborative Province-led Agriculture and Fisheries Extension Program (CPAFEP) na siyang hakbang upang maisakatuparan ang pagpapatupad ng mga nakapaloob na programa sa ilalim ng sistema ng Provincial-led Agriculture and Fisheries Extension System (PAFES).

Matatandaang isa itong istratehiya ng Department of Agriculture (DA) ukol sa higit pang pagpapaunlad at paglalapit ng iba't-ibang mga serbisyong pang-agrikuktural sa mga magsasaka. Sa sistemang ito ng PAFES, direktang pamamahalaan ng mga lokal na pamahalaan ang implementasyon ng mga programa na manggagaling sa Nasyunal na Pamahalaan.

Kaugnay pa nito, hinikayat rin ni PA MD Dolor ang mga stakeholders na aniya pa'y huwag mahiyang magpakita ng talento ukol rito at mag-ambag ng kaalaman sa pagbuo ng isang epektibong programa. Binigyang diin din niya na may magaganda mang inisyatiba ngunit kanya-kanya sa implementasyon nito, hindi malayong masayang lamang ang mga efforts at resources ng pamahalaan dahilan sa hindi magkakatugmang pagpapatupad ng programa.

Sa huli, hinikayat niya na gawin ang pinakanararapat at makilahok sa pagbabalangkas at pagbubuo ng mga programang mag-aangat sa sektor ng pagsasaka.

Binanggit naman ni Provincial Agriculturist Cristine Pine na isinasagawa aniya ang PAFES upang hindi masayang ang pera ng pamahalaan at eksaktong matukoy ang mga kakailanganing programa at serbisyo sa mga mangangailangan nito. Inaasahan naman niya aniya, pa, ang partisipasyon at tulong ng mga konsernadong ahensya grupo at indibidwal na magiging kaagapay nila (PIO Oriental Mdo.





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 05 Dec. 12, 2022 - Dec. 18, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *MAGICAL CHRISTMAS TREAT Para Sa Mindoreño, Opisyal Nang Pinailawan*

KUNG BAGONG Christmas feels at Christmas extravagance ang hanap mo - the search is over! Dahil dito sa City Government Complex sa Brgy. Guinobatan, matatagpuan mo sina Mama Kala and Baby Apan na handog ng Ina ng lungsod ng Calapan - Mayor Malou Flores Morillo at Vice Bim Ignacio sa taumbayan.

Kumukutikutitap na pasyalan with matching snow - yan ang exciting part sa Magical Christmas Treat na ito na handog ng Pamahalaang Lungsod sa mga Mindoreño.

Matapos ang dalawang taong pagkakalugmok sa lungkot dahil ng pandemya - mas maganda at mas maliwanag ang pangako ng Panginoon ngayong taon - sa pagpapailaw ni Calapan City Mayor Malou at Vice Bim sa mga Polar Bear na sina Mama Kala at Baby Apan. Sumisimbolo sa liwanag at bagong pag-asa mula sa ating Panginoon para sa mga Calapeño at sa buong lalawigan.

Napuno ang paligid ng cityhall at lahat ay excited na nag-abang sa opisyal at magical na pailaw na ito ng City Government of Calapan.

Nag ningning at kumislap naman ang mga mata at ngiti ng mga naroroon, nang pailawan na sina Mama Kala at Baby Apan, na lalong pinasigla nang pagbuhos ng tila ba snow, kasabay pa ang fireworks display.

Kanya kanyang selfie at groupie naman ang taumbayan at kani kanilang pamilya sa petMalou na magical treat ni Mayor Tita. Kinumpleto pa ang kasiyahan ito ng libreng ice cream, popcorn at cotton candy para sa mga kids, isang Christmas serenade, at masiglang pag indak ng talented at cute na cute na mga chikiting.

Walang humpay na ngiti at ningning ng mata ng mga taong nagsipagdalo - ang siyang naging patunay ng katagumpayan ng maituturing na first ever Christmas Lighting Ceremony na isinagawa ng Pamahalaang Lungsod.

*"Ang diwa ng pasko dito sa atin, bawat isang mamamayan - bahagi ng pagkamit ng kasiyahan at kasaganahan ng bawat pamilya sa lungsod ng Calapan" -City Mayor Malou Flores Morillo.*







